# ‘TEKI’ SI MA’AM

*by:*
**Mary Grace D. Bagtas**
*Teacher III, Pablo Roman National High School*

Kasabay ng pagbabagong hatid ng pandemya ang implementasyon ng panibagong paraan ng edukasyon. Sa ilalim ng new normal, hinikayat hindi lamang ang mga mag-aaral kundi maging ang mga guro na gumamit ng makabagong teknolohiya sa edukasyon. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang paggamit ng mga powerpoint presentation, zoom meetings at iba pa.

Ang ganitong mga aplikasyon ay nagsilbing hamon hindi lamang sa mga kabataan kung hindi maging sa mga gurong hindi sanay sa paggamit ng ganitong teknolohiya. Sa umpisa ng pandemiya, hindi mabilang na mga reklamo ang nabasa natin sa social media. Ang ilan sa mga ito ay mga matatandang gurong nanghihingi ng gabay sa mga kabataan tungkol sa paggamit ng mga naturang aplikasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang pangyayaring ito ay isang patunay lamang na marami sa atin ay mayroong kakayahang makisabay sa mga pagbabago sa paligid. Sa paglipas ng panahon, nagkaroon ng ilang positibong epekto ang pangyayaring ito sa ating mga kaguruan.

Nagkaroon ng pagkakataon ang ilan sa mga guro ng higit na mapalawak ang kanilang kaalaman sa teknolohiya sa pamamagitan ng pagdalo sa ilang mga webinars na inihanda ng Departamento ng Edukasyon. Unti-unting binago ng teknolohiya ang papel ng mga guro sa loob ng paaralan. Sa pamamagitan ng tablets at smartphones, maraming paraan ang natutunan na nagpalawig ng kaalaman hindi lamang sa loob ng paaralan kung hindi maging sa pakikipagsaparalan sa totoong mundo.

Naging mas madali ang pagpapanuod at pagpapakita ng mga larawan at bidyo bilang learning resources. Bukod pa rito, natutunan din ng ilan na gamitin ang piling mga online games sa loob ng klase. Isa sa mga halimbawa nito ay ang paggamit ng Among Us, isang kilalang online game ng mga kabataan sa isang klase ng P.E sa sekondarya. Dagdag pa rito, umusbong din ang paggamit ng mga aplikasyon tulad ng quiziz at kahoot na nakakatawag ng interes ng mga mag-aaral.

Gayunpaman, hindi naman maitatanggi na marami pa rin ang nahihirapan sa pagsabay sa ganitong uri ng edukasyon lalo't higit ang mga gurong walang gaanong kaalaman sa teknolohiya. Subalit kapansin-pansin ang kanilang mga pagpupunyagi upang maipahatid ang isang dekalidad na edukasyon sa bawat kabataang Pilipino.

Sa lahat ng Pilipinong guro na ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya upang malagpasan ang hamon ng pandemya, narito ang isang tulang alay sa para sa inyo:

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa harap ng bandila ng Pilipinas

Aawit ng buong puso at tapang

Ilalapat ang kamay sa gitna ng dibdib

Taas noong titingin sa langit

At ipaglalaban ang karapatan

Ng bawat mag-aaral na Pilipino

Sa gitna ng pandemya at ano mang hamon ng buhay

Hanggat may hindi marunong bumasa

Hanggat may hindi marunong sumulat

Hanggat may mangmang at inaalipin ng mga may kaalamanan

Hanggat may isa na pinagkaitan ng tamang edukasyon

Lalaban tayo ng walang katapusan.

*References:*

Science Daily, Technology Changing Teacher's Role, retrieved at https://www.sciencedaily.com/releases/2015/02/150216064735.htm, June 28, 2021

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan